Republika ng Pilipinas
BAYAN NG BALAYAN
Lalawigan ng Batangas

TANGGAPAN NG PUNONG-BAYAN

KAUTUSAN EHEKUTIBO BILANG 18, S. 2020

BAWAL LUMABAS NG TAHANAN NG WALANG FACE MASK O ANUMANG PANTAKIP O PANANGGALANG SA ILONG AT BIBIG ANG SINUMAN SA BALAYAN

SAPAGKAT, sa Resolusyong No. 18, (Series of 2020) ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Ingectious Diseases, pinag-uutos sa lahat ng lokal na pamahalaan na nasa ilalim ng Enhance Community Quarantine na ipagbawal ang paglabas ng sinuman ng walang face mask o anumang pantakip o pananggalang sa ilong at bibig para maibsan ang pagkalat ng COVID-19;

DAHIL DITO , AKO EMMANUEL SALVADOR P. FRONDA, II, Punong-bayan ng Balayan, Batangas, sa bisa ng kapangyarihan ipinagkaloob sa akin ng batas, dito ay nagtatakda ng mga sumusunod:

1. Hindi papayagang lumabas ng kanilang tahanan upang bumili o kumuha ng pagkain, gamut, o tumugon sa ibang lakad na pinapayagan sa Proclamantions No. 922 at 929 ng Pangulon ng Pilipinas, ang sinuman na walang face mask o anumang pantakip o pananggalang sa ilong at bibig;

2. Sa tuwing lalabas ng tahanan, dapat suot sa lahat ng oras ang face mask o pantakip sa ilong at bibig;

3. Ang lahat ng pamunuan ng barangay sa Balayan ay inaatasan dito na huwag payagang lumabas sa kani-kanilang tahanan ang sinuman na walang face mask o pantakip sa ilong at bibig;

4. Ang lahat ng establisyemento, pambukliko at pribado, kasama na pampublikong pamilihan, ay inuutusan dito na huwag papasukin ang sinuman sa kanilang establisymento ang sinuman na walang face mask o pantakip sa ilong at bibig;

5. Ang kautusang ito ay agarang magkakabisa at patuloy na ipatutupad hanggat hindi inaalis ang Enhanced Community Quarantine ng Pangulo ng Pilipinans.

IPINAGUUTOS.

GINAWA NGAYONG, ika April 06, 2020 sa Balayan, Batangas.

EMMANUEL SALVADOR P. FRONDA, II
Punong Bayan